**KAUTUSAN BLG.** 1840

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY NG PANGALAN SA ISANG LIWASAN NA NASA IKALAWANG PUROK NG MAYNILA NG "LIWASANG BALAGTAS SA TUNDO", HANGO KAY FRANCISCO DELA CRUZ BALAGTAS, DAKILANG PILIPINONG MANUNULAT.**

Ipinag-uutos ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na:

**BAHAGING 1.** Ang liwasan na matatagpuan sa daang Vicente del Fierro sa ikalawang purok ng Maynila ay binibigyan ng pangalang "Liwasang Balagtas sa Tundo."

**BAHAGING 2.** Upang maisakatuparan ang layunin ng kautusang ito, ang tanggapan ng Inhinyerong Panlungsod ay inaatasang maglagay ng naaangkop na pananda sa nasabing lugar.

**BAHAGING 3.** PARA SA KAALAMAN. Ang Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas, ang kinatawan ng Ikalawang Purok ng Maynila sa Mababang Kapulungan at ang Philippine Postal Corporation ay binibigyan ng sipi ng kautusang ito.

**BAHAGING 4.** Ang kautusang ito ay magkakabisa sa pagkakapagtibay nito.

Pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila ngayong ika-27 ng Enero, 1994.

Pinagtibay ng Punong Lungsod ng Maynila ngayong ika- 18 ng Pebrero, 1994.

**PINAGTITIBAY:**

**ALFREDO S. LIM**
Punong Lungsod ng Maynila

**JOSE L. ATIENZA, JR.**
Pangalawang Punong Lungsod at
Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**RAFAELITO M. GARAYBLAS**
Kalihim ng Punong Lungsod

**EMMANUEL R. SISON**
Kalihim ng Sangguniang
Panlungsod

---

Pangunahing May-akda: Kgg. FLAVIANO F. CONCEPCION, ANAK
Kasamang May-akda : Kgg. Pedro S. de Jesus, Kgg. Ma. Paz E. Herrera, Kgg. Jocelyn B. Dawis, Kgg. Ma. Corazon R. Caballes, Kgg. Ernesto V.P. Maceda, Jr., Kgg. Felixberto D. Espiritu, Kgg. Joey D. Hizon, Kgg. Rogelio B. dela Paz, Kgg. Bienvenido M. Abante, Jr., Kgg. Casimiro C. Sison, Kgg. Danilo V. Roleda, Kgg. Ma. Lourdes M. Isip, Kgg. Ernesto F. Rivera, Kgg. Romualdo S. Maranan, Kgg. Nestor C. Ponce, Jr., Kgg. Gonzalo P. Gonzales, Kgg. Humberto B. Basco, Kgg. Honorio U. Lopez II, Kgg. Ernesto A. Nieva, Kgg. Manuel M. Zarcal, Kgg. Gerino A. Tolentino, Jr., Kgg. Manuel L. Quin, Kgg. Jhosep Y. Lopez at Kgg. Jose L. Atienza, Jr., Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo, Sangguniang Panlungsod.

---

HCM:RFF/vpc.